

# Impormasyon Ukol Sa Pagkolekta ng Deep Throat Saliva o DTS



- **Ang DTS specimen ay kailangang isumite sa araw na kinolekta ito sa mga nakatakdang collection points.** Maaaring sumangguni sa <https://www.coronavirus.gov.hk/eng/early-testing.html> para sa oras ng pagbukas at lokasyon ng mga collection points.
- IWASAN ang pagkain, pag—inom, pag—toothbrush o pag—gargle dalawang oras bago ang pagkolekta ng DTS.
- Siguraduhing may distansya ng kahit 2 metro mula sa iba at nasa lugar na may sapat na hangin kapag magkokolekta ng DTS.
- Ang mga bata o mga taong may espesyal na pangangailangan ay kinakailangang gabayan sa pagkolekta ng kanilang DTS. Kapag hindi posible ang pagsunod nila sa mga sumusunod na hakbang, maaaring gumamit ng ibang paraan sa pagkolekta ng specimen.

## Step 1 Preparation



Sagutan ang laboratory form. **HUWAG** inumin o itapon ang transport medium sa loob ng bote ng specimen.



Ilagay sa malinis na lugar ang bote ng specimen, ang paper cup funnel at dalawang plastic bag. Putulin ang dulo ng funnel. Maghanda ng tissue at buksan ang sample collection bag upang madaling mailagay dito ang bote ng specimen pagkatapos.



Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig. Kung ikaw ay gumamit ng alcohol-based na handrub, hintayin na matuyo nang husto ang mga kamay.

## Step 2 Specimen collection



Huminga at gawin ang tunog na “Kruuuna” para lumabas ang laway mula sa kaloob-looban ng iyong lalamunan. **Ulitin nang 3 hanggang 5 beses upang makakuha ng sapat na DTS.**



Gamitin ang funnel upang maidura ang laway sa loob ng bote ng specimen upang makasiguro na hindi magkakaroon ng kontaminasyon sa ibabaw ng bote.



Isara nang mabuti ang bote **upang makasiguro na hindi tatapon ang laman nito.**


## Step 3 Specimen submission



Gamitin ang tissue paper upang linisin ang ibabaw ng bote ng specimen. **HUWAG** gumamit ng panglinis na may alcohol.



Ilagay ang bote ng specimen sa unang bag. Hugasan nang mabuti ang kamay at isara nang husto ang bag. **Siguraduhing nakatayo ang bote** at walang natapon. Tanggalan ng hangin ang loob ng bag.



Ilagay ang laboratory form na may kumpletong sagot at ang unang bag na may lamang bote ng specimen sa loob ng pangalawang bag. Hugasang mabuti ang kamay ng sabon at tubig pagkatapos.

